DISCOVER

ITS BEAUTY

Part 6

# ANG HULING PAHAYAG



DR. NAJI IBRAHIM



# Ang Huling Pahayag

Ang Maluwalhating Qur'an ang Huling Saligang-Batas (Huling Tipan) na ipinahayag ni Allah kay Propeta Muhammad - sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan. Ang Qur'an ay isang Banal na Saligang-Batas na ipinadala upang ayusin at pangasiwaan ang ating buhay. Nagpapahayag ito sa ganap na kaalaman ng Tagapaglikha tungkol sa Kanyang paglikha. Inilalahad nito ang katotohanan at inaanyayahan ang Sangkatauhan sa pagsasagawa ng katotohanang ito. Naglalaman ito ng mga mahalagang kaalaman hinggil sa kapalaran ng Sangkatauhan. Ito ay nagbibigay-aral at inilalagay ang Sangkatauhan sa pinakamataas na antas ng ispiritwal, moral, intelektwal at panglipunan kaayusan kung kanilang pagsusumikapan na unawain at isabuhay ang mga aral nito.

Ang Qur’an ay walang-hanggang himala na ibinigay sa kahuli-hulihang Propeta na si Muhammad - sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan - bilang katibayan ng kanyang pagka-Propeta. Ito ay natatangi at walang kawangis. Ipinahayag ito noon pang mahigit labing-apat na siglong nakararaan, ito ay nananatili pa ring ganap, kumpleto, at hindi napalitan mula sa orihinal nitong anyong Arabik.


Sinabi ni Allah sa Qur'an: “Tunay na Kami ang nagpahayag ng Dhikr (ang Qur'an) at katiyakang ito ay Aming pangangalagaan (laban sa kabawasan at katiwalian).” (Qur’an 5: 9)



Sinabi pa ni Allah: “Yaon ang Aklat (Qur'an) na walang pag-aalinlangan (na nagmula kay Allah), ang tunay na patnubay sa mga may takot kay Allah. Silang mga naniniwala sa Al Ghayb (mga lingid na Kaalaman tulad ng Paraiso, Impiyerno, kaluluwa, atbp.) at nagtataguyod ng Salaah (Takdang Pagdarasal) at gumugugol sa mga bagay na Aming ipinagkaloob sa kanila. At sila yaong nananampalataya sa ipinahayag sa iyo (O Muhammad) at sa ipinahayag na una pa sa iyo (Torah [mga Batas] at Ebanghelyo) at sa Kabilang Buhay nang may katiyakan.” (Qur’an 2: 2-4)

Karagdagan pa: “Sabihin: Katiyakang kung ang Sangkatauhan at mga Jinn ay magsama-sama upang makagawa ng katulad nitong Qur'an, sila ay hindi makagagawa ng katulad nito, kahit na sila ay magtulungan pa sa isa't isa.” (17:88)

Sa babasahing ito, nais kong ibahagi sa iyo ang ilang mga maganda at kahanga-hangang mga talata mula sa Walang Katapusang karagatan ng Salita at Karunungan ng Diyos. Ito ay upang iyong matuklasan ang kayamanan ng Salita ng Tagapaglikha. Ikaw ay inaanyayahan na basahin ang Qur'an para sa iyong sariling kapakinabangan. Subukan mong makakuha ng isang tamang pagsasalin; maaari mo itong hanapin sa internet mula sa isang mapananaligang website ng Islam. (Mangyaring suriin ang mga inirekumendang website ng Islam sa dulo ng babasahing na ito.)



# MGA MAGANDA AT KAMANGHA-MANGHANG TALATA MULA SA QUR'AN:

Sa katunayan, lahat ng mga Talata ng Qur'an ay Salita ni Allah. Halina at ating basahin ang ilan sa mga kabigha-bighaning Talata ng Maluwalhating Qur-an na nagpapahayag ng Islamikong Pananaw hinggil sa ilang mga mapanuri at makabuluhang mga aral at konsepto sa Islam, tulad ng:

- Tawheed (Paniniwala sa Kaisahan ng Diyos)
- Kapatawaran at Kaligtasan
- Katarungan
- Pagkakapantay-pantay
- Lawak at Kaisahan ng Mensahe
- Si Allah at ang Kanyang Sugo
- Katiwasayan at Paraiso
- Kalalakihan at Kababaihan (Islamikong Pananaw))
- Mga Dakilang Katuruan
- Mga Ipinahihintulot at Ipinagbabawal


القرآن الكريم


Si Allah! Wala nang ibang diyos maliban sa Kanya. Katiyakang kayo ay Kanyang titipunin sa Araw ng Muling Pagkabuhay at ito ay walang alinlangan. At sino pa kaya ang higit na makatotohanan (kaysa kay Allah) sa pagsasalita?" (4:87)

"Iyon si Allah, ang inyong Panginoon! Wala ng iba pang diyos maliban sa Kanya, ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay - sambahin Siya. At Siya ang Wakeel (Tagapamahala) sa lahat ng bagay." (6:102)

"O sangkatauhan! Alalahanin ninyo ang biyaya ni Allah na ipinagkaloob sa inyo! Mayroon pa bang ibang Tagapaglikha maliban kay Allah ang makapagbibigay (ng panustos) sa inyo mula sa Kalangitan at Kalupaan? Wala nang iba pang diyos maliban sa Kanya. Bakit kayo lumalayo (sa Kanya)?" (35:3)

"At Siya si Allah - wala nang iba pang diyos maliban sa Kanya. Sa Kanya ang lahat ng pagpupuri sa Simula (Mundo) at sa Huli (Kabilang Buhay). At sa Kanya ang lahat ng pagpapasya at kayong lahat sa Kanya ay magbabalik." (28:70)

"At ang inyong Diyos ay Nag-iisang Diyos lamang. Wala nang iba pang diyos maliban sa Kanya - ang Mahabagin, Maawain." (2:163)


القرآن الكريم

“Sabihin (O Muhammad): "Siya si Allah, ang Nag-iisa. Si Allah - ang As-Samad (Ang Walang Hanggan, ang may Sariling Kasapatan. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak. At sa Kanya ay walang anumang maihahalintulad.” (112: 1-4)

"Itinalaga nila (mga Hudyo at Kristiyano) ang kanilang mga Rabbi (maalam na tao sa Relihiyon) at kanilang mga monako (relihiyoso, pari) bilang kanilang panginoon maliban pa kay Allah, at gayundin (na kanilang itinuring na panginoon) ang Mesiyas na anak ni Maria. Datapuwat sila (mga Hudyo at Kristiyano) ay pinag-utusang sumamba lamang sa Nag-iisang Diyos (Allah). Wala nang ibang diyos liban Siya. Luwalhati sa Kanya sa lahat ng kanilang itinatambal.” (9: 31)

Samakatuwid, ang dalisay at malinaw na konsepto ng Kaisahan ng Diyos (sa Arabik ay, Tawheed) ay ang pinakamahalagang paksa ng Qur'an.



“Sabihin: ‘O Aking mga alipin na nagmalabis laban sa kanilang sarili - huwag mawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah - tunay na si Allah ay nagpapatawad sa lahat ng kasalanan. Tunay, Siya ay Mapagpatawad, Maawain.” (Qur’an 39:53)

“At Siya ang tumatanggap sa pagbabalik-loob ng Kanyang mga alipin, nagpapatawad ng mga kasalanan, at Kanyang nababatid ang inyong ginagawa.” (Qur’an 42:25)

“Tunay na si Allah ay nagmamahal sa mga nagbabalik-loob (sa Kanya sa pagsisisi) at nagmamahal sa mga nagpapakadalisay (ng kanilang mga sarili).” (Qur’an 2:222)

Kapag ang isang tao ay nagsisi at nagbalik-loob kay Allah, si Allah ay handang tumanggap sa Kanyang alipin at siya ay Kanyang pinapatawad.

Oo, pinapatawad ni Allah ang lahat ng kasalanan kung tayo ay tapat na magbabalik-loob sa Kanya. O kay-ganda ng bagay na ito!

Katiyakan, sa Islam ay si Allah ang pinagmumulan ng Kapayapaan, Habag at Kapatawaran. Si Allah ay hindi dahilan ng galit, pagdanak ng dugo, karahasan, at terorismo.



Kaya naman sa Islam, upang makamtan ang kaligtasan at walang-hanggang buhay ay nararapat lamang na magbalik-loob kay Allah, manampalataya sa Kanya, at gumawa ng mga mabuting bagay. Hindi na kailangan pang kumuha ng mabuti at walang-salang tao upang ipako sa krus o hindi kaya ay paslangin upang sagipin ang kasalanan ng iba.

Sa kabilang dako, Ipinag-uutos din ng Islam sa mga Muslim (tagasunod) ang pagpapatawad sa iba. Pinupuri sa Qur'an yaong tunay na mga mananampalataya… "na nagpapatawad ng mga tao, tunay na si Allah ay nagmamahal sa mga mabubuti." (Qur'an 3:134)

Ito ang maikling pagpapaliwanag ng konsepto ng kaligtasan at pagpapatawad sa Islam. Katotohanan, ang Islam ay Relihiyon ng habag at pagpapatawad.



"O mga nananampalataya! Manindigan nang matatag kay Allah at maging mga saksi sa Katarungan. At huwag hayaan na ang galit at pagkamuhi ng iba ay magdulot sa inyo upang hindi maging makatarungan. Maging makatarungan - ito ay higit na malapit sa Tunay na Takot. At matakot kay Allah. Tunay na si Allah ay Nakababatid ng anumang inyong ginagawa." (Qur'an 5:8)

Tinuturuan tayo ng Islam na maging makatarungan sa lahat ng tao, maging sa ating mga kaibigan at kaaway. Ito ay sa anumang pagkakataon - sa oras man ng kapayapaan o digmaan.

Nagtuturo din ang Islam na maging makatarungan nang walang halong pansariling hangarin at masamang adhikain.

"Tunay na si Allah ay nag-uutos sa inyo na ibalik ang pagtitiwala sa kaninumang nagmamay-ari nito. At kung kayo ay hahatol sa pagitan ng mga tao - humatol kayo ng makatarungan." (Qur'an 4:58)

Bilang makatotohanang paglalahad ng kagandahan ng Islam at walang hanggang pagpapahalaga sa Habag at Katarungan, nag-utos sa pangangalagang tinatawag ng mga Pantas ng Islam na "Ang Limang Pangangailangan."



**Ang Limang Pangangailangan:**
Ipinag-uutos ng Islam ang pangangalaga sa mga ito sa ating mga sarili at sa iba:

1. Relihiyon
2. Buhay
3. Pag-iisip
4. Karangalan.
5. Kayamanan

Ang Qur'an ay nagsasabi na sinuman ang pumatay ng walang-salang kaluluwa ay "...para bagang pumatay ng buong Sangkatauhan. At kung sinuman ang magligtas ng isang buhay ay para bagang nagligtas sa buhay ng buong Sangkatauhan." (5:32)

Bilang pagpapahalaga sa kalayaan at pangangalaga sa Pananampalataya, ang Banal na Qur'an ay nagsasabi:

"Walang sapilitan sa Relihiyon." (2:256)

Gayunpaman, pinapahalagahan ng Islam ang karapatan ng bawat tao at hindi nito pinipilit na yakapin ang Pananampatayang ito nang sapilitan. Ito ang katotohanan, ganda, katarungan, pagpaparaya, at kabutihan ng Islam sa pakikitungo sa mga hindi Muslim.



Bilang karagdagan, iniuutos ng Islam na maging matapat at patas sa paghahatol sa iba. Ating pakatatandaan ang sinabi ni Allah sa Qur'an:

"…At huwag hayaan na ang galit at pagkamuhi ng iba ay magdulot sa inyo upang hindi maging makatarungan. Maging makatarungan - ito ay higit na malapit sa Tunay na Takot. At matakot kay Allah. Tunay na si Allah ay Nakababatid ng anumang inyong ginagawa." (5:8)

Gayunpaman, may mga hindi makatarungang pinuno ng bansa at Relihiyon, manunulat, historyador, at midya sa kanilang pag-aakusa sa Islam at sa mga Muslim ng terorismo. Kanila ring pinagpipilitan na ang Islam ay lumaganap sa pamamagitan ng pamimilit at espada. At ang ilan ay nag-aakusa nang kawalang-makatarungan at kawalang-galang kay Allah, ang Nag-iisang Tunay na Diyos, gayundin sa Kanyang huling Propeta na si Muhammad ﷺ - nang mga pinakamasama at pinakapangit na imahe, pelikula, at karikatura.



## Isaalang-alang ang mga katanungang ito:

- Ito ba ang ibig sabihin ng malayang pamamahayag at malayang kuro-kuro? Wala bang 'double standard' na ginagamit sa pakikitungo sa Islam at mga Muslim? (Halimbawa, bakit hindi kailanman narinig ang katagang ‘Christian terrorists’ o ‘Jewish terrorists’ samantalang hindi maikakaila ang ginawang kasamaan ng ilan sa mga tagasunod ng mga relihiyong ito?)

- Malaya ba ang bawat isa na mang-insulto at mangutya ng iba at ng kanilang pananampalataya, o di kaya ay akusahan silang lahat ng terorismo?

- Ganito ba ang uri ng kabihasnan, demokrasya, at kalayaan na itinuturo sa mga kabataan sa mga paaralan, pamantasan, at lipunan sa pangkalahatan?

- Tunay ba na espada ng Islam ang dahilan kung bakit yumakap ang libu-libong matatalino at matatapat na lalaki at babae sa buong mundo sa Pananampalatayang Islam ngayon? (Maraming aklat, artikulo, sanaysay, website, video, at mga impormasyon sa social media ang tumatalakay kung bakit at paanong sila ay yumakap sa Islam. Isang halimbawa na aking ipinapasinaya ay ang: ‘Islam Our Choice: Portraits of Modern American Muslim Women’ – iwinasto nina Debra L. Links at Stephanie Parlove. Ito ay mahahanap sa internet).

  Tandaan: Sa kabila ng mga negatibong paglalarawan, ayon sa mga ulat ng Amerika at mga Kanluranin, ang Islam ang relihiyon na siyang pinakamabilis dumami ang bilang ng mga mananampalataya. Kaya bakit ang Islam?



"O Sangkatauhan! Amin kayong nilikha mula sa isang lalaki at babae at kayo ay Aming ginawa na pangkat at mga tribo upang magkakila-kilala. Tunay, ang pinakamarangal sa inyo para kay Allah ay ang pinakamay-Takot sa inyo. Tunay na si Allah ay Maalam, Nakababatid." (Qur'an 49:13)

Bilang pagpapatunay sa lantay na konsepto ng pagkakapantay-pantay sa Islam, sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) sa kanyang huling sermon:

"O mga tao! Ang inyong Diyos ay Iisa at ang inyong ama ay iisa. Kayong lahat ay mula kay Adan at si Adan ay mula sa alabok. Ang isang Arabo ay hindi nakahihigit sa isang hindi Arabo, at ang isang hindi Arabo ay hindi rin nakahihigit sa isang Arabo. Walang kahigitan ang puti sa itim, gayundin ang itim sa puti. Lahat kayo ay pantay-pantay. Walang kahigtan ang isa sa bawat isa maliban lamang sa kanyang takot kay Allah at paggawa ng kabutihan."

- Ang Islam ay nagtuturo na huwag maliitin ang iba dahil sa kanilang lahi, kulay ng balat o mata, o angkang kinabibilangan.

- Ang Islam ang siyang tunay na lunas sa suliraning panlahi at diskriminasyon na nasasaksihan ngayon ng mundo.



Sa Islam, ang mga itim at puti ay magkakapatid sa iisang lahi ng tao. Tayong lahat ay nagmula sa iisang ama - si Adan, na nilikha mula sa alabok. Kaya't tayong lahat ay mula sa lupa, at tayo ay babalik doon at magiging lupa.

Ito ang mahalagang aral na makukuha natin mula sa nabanggit sa mga Talata ng Qur'an at tinuran ng Propeta (sumakanya nawa ang Pagpapala at Kapayapaan ni Allah). Bakit kaya may mga taong nakararamdam at gumagawa ng pagmamataas at pagmamalaki sa iba?



"Sabihin (O mga Muslim): 'Kami ay sumasampalataya kay Allah at sa kapahayagan na ipinagkaloob sa amin, at (sa mga ipinahayag) kay Abraham, Ismail, Isaac, Jacob at sa Asbaat (Labindalawang Tribong inapo), at sa mga ipinahayag kay Moises at Hesus at sa mga ipinahayag sa (lahat) ng mga Propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagtatangi-tangi sa kanila at sa Kanya kami ay tumatalima." (2:136)

Minamahal at pinaniniwalaan ng mga Muslim ang lahat ng mga Propeta ng Diyos kasama sina Adan, Noah, Abraham, Ismail, Isaac, Jacob, Moises, Hesus at Muhammad (sumakanila nawa ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah).

Sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah): "Ako ang pinakamalapit sa lahat ng tao kay Hesus - anak ni Maria. Ito ay sapagkat walang Propeta sa pagitan ko at niya. Ang mga Propeta ay magkakapatid - ang kanilang mga ina ay magkakaiba, subalit ang kanilang Relihiyon ay iisa."

## ANO ITONG PANGKALAHATAN AT NAG-IISANG TUNAY NA RELIHIYON NG LAHAT NG MGA PROPETA NG DIYOS?



Ang ganda, tamis at kadalisayan ng Banal na Qur'an ay walang hanggan. Kaya't hayaan ninyo akong maglahad ng ilan sa mga Talata ng Qur'an. Nais kong ito ay inyong pag-isipan at suriin. Subukan ninyong tumuklas pa ng mga yaman ng Pinakahuling Testamento - ang Qur'an.

### Si Allah at ang Kanyang Sugo:


"Siya (si Allah) ang nagpadala ng Kanyang Sugo (Muhammad) tangan ang Patnubay at Relihiyon ng Katotohanan…" (Qur'an 48:28)

"Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyo, datapuwat siya ay Sugo ni Allah at Sagka (Huli) sa lahat ng mga Propeta. At si Allah ang May Kaalaman sa lahat ng bagay." (Quran 33:40)

### Katiwasayan at Paraiso:

"Siya (si Allah) ang nagbaba ng Kapanatagan sa mga puso ng mga mananampalataya upang mapag-ibayo pa ang kanilang Pananampalataya kaalinsabay ng kanilang Pananampalataya. At kay Allah nabibilang ang mga Hukbo sa mga Kalangitan at Kalupaan. At si Allah ang Maalam, Marunong. Upang Kanyang tanggapin ang mga kalalakihan at kababaihang mananampalataya sa Hardin na sa ilalim nito ay may mga ilog na dumadaloy, upang manahan dito ng walang hanggan at Kanyang pawiin ang kanilang mga kasalanan. At ito, para kay Allah ay isang Dakilang Tagumpay." (Qur'an 48:4-5)

"O panatag na kaluluwa! Magbalik ka sa iyong Panginoon na nalulugod at kinalulugdan. Kaya't pumasok ka sa piling ng mga alipin. At pumasok ka sa Aking Paraiso." (Qur'an 89:27-30)



“Tunay na ang mga Muslim na kalalakihan at kababaihan, mga mananampalatayang kalalakihan at kababaihan, mga masunuring kalalakihan at kababaihan, mga matatapat na kalalakihan at kababaihan, mga mapagtimping kalalakihan at kababaihan, mga mataimtim na kalalakihan at kababaihan, mga mapagkawang-gawang kalalakihan at kababaihan, mga mapag-ayunong kalalakihan at kababaihan, ang mga mapag-alagang kalalakihan sa kanilang mga maseselang bahagi at kababaihan, at mga kalalakihang palagiang gumugunita kay Allah at mga kababaihan - ay inihanda para sa kanila ni Allah ang Kapatawaran at Dakilang Gantimpala.” (Qur’an 33:35)

“At sinuman ang gumawa ng kabutihan maging siya man ay lalaki o babae - habang siya ay mananampalataya, sila yaong mangagsisipasok sa Paraiso…” (Qur’an 4:124)



## Mga Kabigha-bighaning Katuruan

“At magmadali tungo sa kapatawaran ni Allah, at sa Paraiso na kasinglawak ng mga Kalangitan at Kalupaan - inihanda para sa mga may-takot (kay Allah). Silang mga gumugugol sa (panahon ng) kasaganaan o kahirapan, nagpipigil ng galit, at nagpapatawad sa mga tao. At si Allah ay nagmamahal sa mga mabubuti. Sila na kapag nakagawa ng kahalayan o inapi ang kanilang mga sarili - ay gumugunita kay Allah kaya’t humihingi sila ng Kapatawaran para sa kanilang mga kasalanan - at sino pa ba ang magpapatawad ng mga kasalanan maliban kay Allah? At sila ay hindi nagpapatuloy sa kanilang nagawa habang kanilang nalalaman. Sila yaong ang kanilang gantimpala ay Kapatawaran mula sa kanilang Panginoon at mga Hardin na sa ilalim nito ay may dumadaloy na mga ilog. Sila ay mananatili doon magpakailanman. At napakainam na gantimpala para sa mga gumagawa.” (Qur’an 3:133-136)



"...Huwag kayong sumamba maliban lamang kay Allah, at maging mabuti sa inyong mga magulang, mga kamag-anak, mga ulila, at mga mahihirap. At kayo ay mangusap sa mga tao nang mabuti..." (Qur'an 2:83)

### Pag-alala at Pagpapahinga

"Silang mga nananampalataya at napapanatag ang mga puso sa paggunita kay Allah. Hindi baga't sa paggunita kay Allah napapanatag ang mga puso." (Qur'an 13:28)

Sa katunayan, ang mga katotohanan, pakinabang, at kamangha-manghang kaalaman mula sa Maluwalhating Qur'an ay walang katapusan. Habang atin itong binabasa, lalong dumarami ang ating natutuklasan mula rito. At sa bawat oras, ating nararamdaman na tila ba binabasa natin ang Qur'an sa unang pagkakataon.

Marami pang ibang mga kamangha-manghang aspeto ng Qur'an tulad ng mga himala na awtentiko, kahusayan ng wika, pang-agham na kaalaman, medisina, kaakit-akit na kalikasan ng Qur'an, at iba pang kawili-wiling bagay ay hindi ko na naisulat pa dahil sa kakarampot lunan ng aklat na ito.

# Interesado ka ba?

Kung ikaw ay interesado at nais mong matuklasan ang marami pang kaalaman at detalye patungkol sa Islam ay pumasok lamang sa aming website:

www.discoveritsbeauty.com

Maaring mo ring ipadala ang iyong katanungan o kuro kuro sa:

info@discoveritsbeauty.com

## MGA KAPAKI- PAKINABANG NA ISLAMIC WEBSITES:

https://allahsquran.com

http://www.quranexplorer.com

http://www.islamhouse.com

http://www.edialogue.org

http://www.islamreligion.com

http://www.newmuslimguide.com

## SERYE NG PAGTUKLAS SA KAGANDAHAN NG ISLAM SA LOOB NG PITONG MINUTO:

1. Tuktok lamang ng bundok ng yelo
2. Ang Relihiyon nina Adan at Eba
3. Ang Abakada ng Islam
4. Pagsagot sa Mapanuring Katanungan ng Sangkatauhan
5. Ang Kanyang mga Magagandang Pangalan
6. Ang Huling Pahayag
7. Ang Huling Sugo

# ANG PANUNUMPA SA PANANAMPALATAYA
## (ANG PINTO SA PAGPASOK SA ISLAM)

"Ako ay sumasaksi na walang ibang panginoon kundi si Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay sugo ni Allah"

Sa wikang Arabik:

أشهد أن لا إله إلا الله وأشهد أن محمدا رسول الله

Ganito ito binibigkas:

***ASH-HADU ALLA ILAHA ILLA ALLAH, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN RASOOLULLAH***



DISCOVER
ITS BEAUTY
WWW.DISCOVERITSBEAUTY.COM

Scan It

GLOBAL ACADEMY FOR TRANSLATION AND EDUCATION (GATE)
LONDON | THE UNITED KINGDOM

كتاب الوحي الأخير باللغة الفلبينية